



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Pagpapanatili sa Pagkakaunawaan



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Ang pagpapanatili sa mga gawain ay isang makabagong kasanayan ng mga tao. Ito ay gumagarantiya sa pagpapatuloy ng mga pundasyon ng mabuting pamumuhay sa kasalukuyang mga pamayanan at sa susunod pang mga henerasyon. Saklaw nito ang lahat ng larangan ng pamumuhay; tulad ng kalikasan, ekonomiya, ugnayan sa lipunan, kultura at relihiyon. Ang kinakailangang pagpapanatili sa mabuting pamumuhay ng mga tao ay hindi makakamtan, maliban na lamang kung ang nabanggit na mga aspeto ng buhay ay napagtuunan. Katulad na ang relihiyon ay malaking bahagi sa pagkakakilanlang-kultural at panlipunan ng isang pamayanan, ang pamahalaan at mga sangay nito ay hindi rin nagpahuli sa pagpapatupad ng mga panuntunan upang mapanatili at mapangalagaan ang pagkakaunawaan ng mga mamamayan, upang ang susunod na henerasyon ay maging bahagi tungo sa kaunlaran.

Samakatuwid, ang pinakamahalagang pakinabang na maaaring makamtan ng mga mamamayan sa lipunan ay ang pagkakaunawaan ng mga tao, magkaiba man ang kani-kanilang kultura, paniniwala at lahi. Ang usapin tungkol sa pagpapanatili sa mabuting ugnayan at pagkakaunawaan sa buong mundo ay sinimulan noong mailabas ang “Environmental Development Report” na isinumite sa United Nations noong 1987. Sinundan pa ito ng mga pag-aaral upang sa gayon ay lubos itong mapalaganap sa buong mundo. Bilang karagdagan, ang “Tolerance Declaration of Principles” na pinagtibay ng UNESCO sa ika-28th nitong sesyon sa Paris, noong ika-16 ng Nobyembre, 1995, ay naging malaking bahagi upang maitatag ang konsepto ng pagkakaunawaan na hanggang sa kasalukuyan ay nasasaksihan. Sapagkat iginiit sa pagtitipong ito na isapubliko ang pagkakaunawaan at gawan ito ng sistema upang maging tuluy-tuloy ang pagsasabuhay nito. Binigyang-diin nito ang kahalagahan ng pagtanggap sa kapwa sa pamamagitan ng malayang pakikipag-usap na walang halong diskriminasyon sa paniniwala, kultura o personal na pananaw.

Ang kahalagahan ng pagpapanatili sa pagkakaunawaan ay nakasalalay sa pangangalaga at pagpapaunlad sa mga mabubuting katangian ng tao upang mapakinabangan ng susunod na mga henerasyon. Gayunpaman, ang pagpapatupad sa naturang proyekto ay nangangailangan



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

ng pagtaguyod sa mahahalagang elemento ng kaisipan ng tao na may kaugnayan sa kultura ng lipunan at batas na naangkop tungo sa pagkakaisa, kapayapaan at katiwasayan.